

Agosto 16, 2026 — Ika-Labindalawanpong Linggo sa Karaniwang Panahon

Isaias 5,1. 6-7; Roma 11,13-15. 29-32; Mateo 15,21-28

PANIMULA

May mga sandali na ang pagmamahal ay tumatangging sumuko. Ang mga magulang na nagpupuyat sa tabi ng maysakit na anak, ang mga kaibigang tapat na kasama ng isang nahihirapan, ang mga pamayanang nagtatanggol sa isa't isa sa panahon ng panganib—ang ganitong pagmamahal ay naghahayag ng lakas na mas malalim kaysa sa takot. Patuloy itong kumakatok kahit tila nakasara na ang mga pinto.

Ibinibigay sa atin ng Ebanghelyo ngayon ang isa sa pinakakapansin-pansing halimbawa ng ganitong pagpursige. Isang inang Cananea ang lumapit kay Hesus, nagmamakaawa para sa kanyang anak na babae. Bagamat kinaharap niya ang katahimikan at tila pagtanggì, siya ay tumangging umalis . Ang kanyang pagmamahal ay naging isang matapang na pananampalataya na mas nagtitiwala sa awa kaysa sa anumang hadlang.

Pinalalawak din ng Ebanghelyo ang ating mga puso. Ang habag ng Diyos ay hindi maikukulong sa mga hangganang gawa ng tao. Paulit-ulit na ipinapakita ni Hesus na ang pananampalataya ay maaaring lumitaw sa mga di-inaasahang tao at lugar, at ang awa ay umaabot nang higit pa sa ating inaakala.

Habang tayo ay nagtitipon sa harap ng Panginoon, kinikilala natin ang mga sandaling naglagay tayo ng makitid na hangganan sa iba, nabigo tayong magtiwala sa awa ng Diyos, o madaling sumuko sa panalangin at pagmamahal. Hingin natin ngayon sa Panginoon ang kapatawaran at kapayapaan.

HOMILIYA

Ilang taon na ang nakalilipas, sinundan ng buong mundo ang nakalulungkot na kuwento ng sanggol na si Charlie Gard. Tumangging huminto ang kanyang mga magulang sa paglaban para sa kanilang anak na may malubhang sakit. Kahit naniniwala ang mga eksperto sa medisina na wala nang pag-asa, patuloy silang naghanap ng lunas. Sumang-ayon man o hindi ang sinumang tao sa bawat pasya nila, walang makapagbabawas sa lakas ng kanilang pagmamahal. Ang pagmamahal ay nagpapatuloy sa mga tao kahit lampas na sa pagod. Nagpapanatili itong umaasa kahit na ang lohika lamang ay susuko na.

Iyan ang mundo ng damdamin sa Ebanghelyo ngayon.

Isang desperadong ina ang lumapit kay Hesus, nagmamakaawa para sa kanyang anak. Pansinin ang isang mahalagang bagay: hindi lamang niya sinabing, “Kaawaan mo ang aking anak.” Sumigaw siya, “Kaawaan mo ako.” Ang paghihirap ng kanyang anak ay naging sarili niyang paghihirap. Bawat magulang na nagmamahal ay likas na nauunawaan ito. Kapag nasasaktan ang anak, nasasaktan din ang magulang.

At pagkatapos, dumating ang nakakabahalang bahagi ng Ebanghelyo. Tahimik si Hesus. Pagkatapos, sinabi niyang ang kanyang misyon ay para sa Israel. Pagkatapos, dumating ang larawan tungkol sa tinapay ng mga anak at sa mga aso sa ilalim ng mesa. Naguguluhan tayo dahil parang malupit ang tunog nito. Marami sa mga unang beses na nagbabasa ng Ebanghelyong ito ang nagulat.

Ngunit marahil, ang kaguluhang iyon ang mismong punto. Ipinapakita sa atin ng Ebanghelyo ang isang tunay na pakikipagtagpo ng tao, hindi isang pinakintab na eksenang panrelihiyon. At ang nagniningning sa mahirap na pagtatagpong ito ay ang kadakilaan ng pananampalataya ng babae.

Sa bandang huli, sinabi ni Hesus sa kanya: “Babae, dakila ang iyong pananampalataya.”

Kay tapang ng pahayag na ito! May mas malaking papuri pa kaya mula sa labi ni Kristo? Isipin na sinasabi ni Hesus sa isa sa atin: “Dakila ang iyong pananampalataya.” At ang kahanga-hangang bagay ay ito: hindi man lang bahagi ng Israel ang babae. Isa siyang Cananea, isang dayuhan, isang taga-labas. Gayunpaman, siya ay naging isa sa iilang tao sa Ebanghelyo na hayagang pinuri ni Hesus ang pananampalataya sa ganoong kalakas na paraan.

Kaya paano nga ba ipinapakita ang kanyang pananampalataya sa gawa?

Una, dinadala niya ang kanyang paghihirap kay Hesus.

Pinahihirapan ang kanyang anak, at lumalapit ang ina kay Kristo daladala nya ang kanyang sakit. Mukhang simple iyon, ngunit kadalasan ito ang pinakamahirap gawin. Kapag ang mga tao ay labis na naapektuhan—ng sakit, ng pagdadalamhati, ng suliraning pampamilya, ng pagkabigo, ng depresyon, o ng takot—maaari silang mahulog sa bitag ng pagkabalisa at walang-katapusang pag-aalala. Minsan, pinaliliit ng paghihirap ang ating pananaw hanggang sa hindi na natin nakikita nang malinaw ang Diyos.

Ngunit tinuturuan tayo ng babaeng ito ng unang aral ng pananampalataya: dalhin ang iyong pangangailangan kay Hesus.

Walang paghihirap na masyadong maliit. Walang kalagayan na masyadong walang pag-asa.

May isang kuwento ng isang lalaking biglang nawalan ng trabaho at nahulog sa kawalan ng pag-asa. Tuwing umaga, umuupo siya sa hapag-kainan, tahimik na nakatitig sa mga hindi pa nababayarang bayarin. Isang araw, naglagay ang kanyang batang anak na babae ng maliit na guhit sa tabi ng kanyang tasa ng kape. Ipinakita nito ang kanilang pamilya, magkahawak-kamay sa ilalim ng isang malaking krus. Sa ibaba, isinulat niya: “Tatay, kasama pa rin natin si Hesus.” Ang simple at

makabatang paalalang iyon ay nagbago ng isang bagay sa kanya. Hindi agad naglaho ang mga suliranin, ngunit sinabi niya nang maglaon, “Iyon ang araw na huminto akong buhatin nang mag-isa ang pasanin.”

Tumatanggi ang babaeng Cananea na buhatin nang mag-isa ang kanyang pasanin.

Ngunit pagkatapos, dumating ang masakit na katahimikan ni Hesus.

Sumisigaw siya, ngunit walang sagot si Hesus.

Maraming mananampalataya ang nakaranas nito. Nananalangin ka para sa paggaling, ngunit walang nagbabago. Nananalangin ka para sa isang mahal sa buhay, ngunit parang tahimik ang langit. Nananalangin ka para sa patnubay, ngunit kadiliman lamang ang naiwan. May mga sandaling parang hindi na lumalampas sa kisame ang ating mga panalangin.

Minsang binanggit ni Santa Teresa ng Calcutta ang mahahabang panahon ng panloob na pagkatuyot sa espiritu, nang wala man lamang siyang naramdamang presensya ng Diyos. Gayunpaman, patuloy siyang naglingkod nang tapat sa mga mahihirap. Ang pananampalataya ay hindi laging katiyakan ng damdamin; minsan, ito ay pagpupursige sa katahimikan.

Ito rin mismo ang ginawa ng babae sa Ebanghelyo. Hindi siya umalis na naiinsulto. Hindi niya inisip na nakalimutan na siya ng Diyos. Muli siyang humingi: “Panginoon, tulungan mo ako.”

Iyan ang ikalawang aral: huwag sumuko kapag tila tahimik ang Diyos.

Ang ilan sa pinakamalalim na pananampalataya ay nabubuo mismo sa paghihintay.

Minsang sinabi ng isang matandang babae, matapos mananalangin nang mahigit tatlung taon para sa pagbabalik

ng kanyang anak sa Simbahan, “Araw-araw, may isang kandila akong sinisindiha at isang panalangin na binibigkas. Sinabi ko sa Diyos, ‘Iwan kong bukas ang pinto hangga’t bukas mo ring iwan ang sa’yo.’” Bago siya pumanaw, bumalik ang kanyang anak sa mga sakramento. Ang matiyagang panalangin ay hindi lamang binabago ang mga kalagayan—binabago rin nito ang mga puso.

Pagkatapos, dumating ang isa pang pagsubok. Sinabi ni Hesus na sinugo siya una para sa mga naliligaw na tupa ng Israel. Muli, tila tinatanggi ang babae.

At dito natin nakikita ang isa pang kahanga-hangang aspeto ng kanyang pananampalataya.

Hindi siya nagagalit o nagtatanim ng sama ng loob. Hindi niya inaakusahan si Hesus ng kawalang-katarungan. Sa halip, mapagpakumbaba niyang tinatanggi ang misteryosong plano ng Diyos kahit hindi niya ito lubos na nauunawaan. Gayunpaman, nangangahas din siyang manawagan sa isang bagay na mas malalim pa: ang walang-hanggang awa ng Diyos.

“Oo, Panginoon,” sabi niya, “ngunit kahit ang mga aso ay kumakain ng mumo na nahuhulog mula sa mesa.”

Anong kababaang-loob. Anong tapang. Anong tiwala.

Tinatanggap niyang wala siyang karapatan o pag-angkin sa harap ng Diyos. Lahat ay biyaya. Gayunpaman, naniniwala rin siyang napakasagana ng awa ng Diyos kaya’t kahit ang mumo ng banal na habag ay sapat na upang pagalingin ang kanyang anak.

Marahil, nabalitaan niya ang tungkol sa pagpaparami ng tinapay, kung saan may mga natirang bayong kahit pagkatapos kumain ang libo-libong tao. Sa isang paraan, para siyang nagsasabing: “Panginoon, napakasagana ng iyong awa kaya’t tiyak na may sapat din para sa akin.”

At tumugon si Hesus nang may paghanga: “Babae, dakila ang iyong pananampalataya!”

Ang himala ay hindi lamang ang paggaling ng anak. May mas malaking bagay na nagaganap. May hangganang binubuksan. Sa pamamagitan ng pananampalataya ng babaeng ito, ang saklaw ng misyon ni Hesus ay lumalawak at lumiliwanag. Ang awa ng Diyos ay lumalaganap patungo sa buong sangkatauhan.

Sa buong Ebanghelyo, kadalasang nagugulat ang mga tao sa pananampalataya ng mga taga-labas. Isang senturiong Romano. Isang ketongin na Samaritano. Mga maniningil ng buwis at mga makasalanang. Paulit-ulit, ang mga itinuturing na “taga-labas” ay naging mga halimbawa ng tiwala at pagbubukas ng loob. Binababalaan tayo ng Ebanghelyo na huwag kailanman ipagpalagay na gumagawa lamang ang Diyos sa loob ng ating mga pamilyar na kalipunan.

May lumang kuwento tungkol sa isang monasteryong naging malamig at nahati. Palagiang nag-aaway ang mga monghe. lilan na lamang ang bumibisita. Isang araw, may bumisitang isang matandang rabbi malapit doon at tahimik niyang sinabi sa kanila, “Ang isa sa inyo ay ang Mesiyas na nagbabalatkayo.”

Naguluhan ang mga monghe. Maaaring iyon ay ang matandang kapatid na tahimik na nananalangin araw-araw? Maaaring ang tagaluto? Ang mahirap na monghe na iniwasan ng lahat? Unti-unti, nagsimula silang magtratuhan nang naiiba—may paggalang, pasensya, at kabaitan. Sa paglipas ng panahon, ganap na nagbago ang kapaligiran. Napansin muli ng mga tao ang kapayapaan doon at bumalik sila upang humingi ng panalangin at karunungan.

Minsan, lumilitaw ang biyaya kung saan hindi natin inaasahan.

Sinabi ni San Pablo sa ikalawang pagbasa ngayon na nais ng Diyos na “kaawaan ang lahat.” Iyan ang direksyon ng kasaysayan ng kaligtasan. Nagsimula ang Diyos sa Israel,

ngunit ang pangako ay bumubukas patungo sa lahat ng bansa at tao sa pamamagitan ni Kristo.

At lubos nating kailangan ang pananaw na iyon ngayon.

Sa mga nagdaang taon, dumanas ng matinding pag-uusig ang mga Kristiyano sa hilagang parte ng Irak. Napaalis sa kanilang mga tahanan ang mga sinaunang pamayanan. Nagbakante ang mga simbahang matagal nang nakatayo sa loob ng daan-daang taon. Ngunit sa gitna ng karahasan, may naganap ding kahanga-hangang bagay. Ilang kapitbahay na Muslim ang nagtanggol sa mga pamilyang Kristiyano, itinago sila sa kanilang mga tahanan, at hayagang ipinagtanggol sila.

May isang batang Muslim sa Baghdad na naglagay ng larawan ng sarili niyang nakasuot ng krusipihong kasama ang mga salitang: “Ngayon, tayong lahat ay Kristiyano.” Hindi niya ibig sabihin na binago niya ang kanyang relihiyon. Ang ibig niyang sabihin ay ang magkasabay na paghihirap ay naghayag ng mas malalim na pinagsasaluhang pagkatao.

Iyan ay taos-pusong hugis-Ebanghelyo. Winawasak ng awa ang mga hadlang. Pinalalawak ng habag ang pagkakakilanlan. Tumatanggi ang pagmamahal na hayaang magkaroon ng huling salita ang poot.

Tinuturuan tayo ng babaeng Cananea ng apat na bagay.

Una, dalhin ang iyong pangangailangan kay Hesus.

Ikalawa, huwag sumuko kapag tila tahimik ang Diyos.

Ikatlo, magtiwala sa Diyos kahit hindi mo lubos na naiintindihan ang kanyang mga daan.

At ikaapat, laging manawagan sa walang-hanggang awa ng Diyos, na mas dakila kaysa sa bawat hangganang gawa ng tao at bawat kabiguan ng tao.

Minsang hiniling ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral na iguhit ang pagmamahal ng Diyos. Isang bata ang gumuhit lamang ng isang malaking mesa na may dagdag na mga upuan sa paligid nito. Nang tanungin ng guro kung bakit, sumagot ang bata, “Dahil patuloy na gumagawa ng puwang ang Diyos.”

Iyan ang Ebanghelyo ngayon.

Naniwala ang babaeng Cananea na may puwang pa para sa kanya sa mesa ng awa. Ipinakita ni Hesus na tama siya.

At marahil, kung matututo tayong magtiwala nang may ganitong pagpupursige, kababaang-loob, at tapang, isang araw ay maaari ring sabihin sa atin ni Kristo: “Dakila ang iyong pananampalataya.”

Amen.

- **Translated by William Waldrez, Jr., Perth, Australia**